Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 8, 2009, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

DI-DUMALO

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN

**KAPASIYAHAN BLG. 164-T2009**

**KAPASIYAHANG IDINEDEKLARA ANG PETSA MULA OKTUBRE 26 – 30, 2009 BILANG OPISYAL NA PAGDIRIWANG NG KESONG PUTI FESTIVAL 2009 SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA.**

**SAPAGKA'T**, iniliwat sa Kagalang-galang sangguniang ito ang kahilingan ng Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas na makapagpatibay ng isang kapasiyahang ideklarang opisyal na pagdiriwang ng Kesong Puti Festival 2009 ang petsa mula Oktubre 26-30 sa bayang ito;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kahilingan ay tinalakay at napaliwat sa Lupon sa Turismo para sa pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng pagdiriwang sa pagkilala at pagpapalaganap ng kesong puti bilang isa sa mga natatanging produkto ng bayang ito, tangkilikin, mapanumbalik, itaguyod at kilalanin ito ng bayan, maging ng bansang ito, ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Turismo na pagtibayin ang kahilingan ukol dito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Oscar F. Feliciano (Tagapamuno ng Lupon sa Tursimo), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya, Roselon F. Pamatmat at Romulo A. Elca at sa buong pagsaang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Ideklara ang petsa mula Oktubre 26- 30, 2009 bilang opisyal na pagdiriwang ng Kesong Puti Festival 2009 sa bayan ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, mga Tanggapan ng Pamahalaang Lokal at Nasyunal, mga Punong Barangay, mga Paaralang Pampubliko at Pribado at mga Samahang Di Konektado sa Pamahalaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan